# Medications for Opioid Use Disorder at Paggagatas



Ligtas na magpadede ng sanggol habang umiinom ng gamot para sa pagkalulong sa opioid.

## Ano ang Medications for Opioid Use Disorder (MOUD, Mga Gamot para sa Pagkalulong sa Opioid) ?

Ang Medications for Opioid Use Disorder (MOUDs, Mga Gamot para sa Pagkakulong sa Opioid) ay mga resetang gamot na tumutulong sa mga tao na huminto sa paggamit ng opioid.

Ang methadone at buprenorphine (Subutex®) ay ang pinakamabibisang gamot para sa mga taong sinusubukang humintong gumamit ng opioid, dahil nababawasan ng mga ito ang mga sintomas ng withdrawal at ang paghahangad nila ng opioid. Ang methadone o buprenorphine ay mahalagang bahagi ng paggamot sa Opioid Use Disorder (OUD, Pagkakulong sa Opioid). Makatutulong sa iyo at sa sanggol mo ang mga ito para maging malusog. Ligtas na inumin ang methadone at buprenorphine habang nagpapadede. Ligtas din ang buprenorphine-naloxone (Suboxone®).

Ang naltrexone (Vivitrol®) ay isa pang gamot na ginagamit para gamutin ang pagkalulong sa opioid. Hindi ito kasing bisa dahil hindi nito nababawasan ang mga sintomas ng withdrawal o ang paghahangad ng opioid, pero ligtas ito para sa pagpapainom ng gatas sa dibdib/pagpapasuso.

## Puwede bang mapunta ang MOUDs sa gatas ng tao?

Oo. May kaunting MOUDs na napupunta sa iyong gatas. Napakakaunti lang ng methadone o buprenorphine na nakukuha ng sanggol mo kapag nagpapadede. Mas kaunti ito sa ibibigay sa iyong sanggol kung sakaling nagkaroon siya ng mga sintomas ng withdrawal pagkapanganak sa kanya. Mas mabuting mapadede mo pa rin ang iyong sanggol habang umiinom ka ng MOUDs kaysa sa hindi ka magpadede.

## Ano ang epekto sa iyong sanggol ng pagpapadede habang umiinom ng MOUDs?

- Ligtas para sa iyo at sa sanggol mo ang pagpapadede habang umiinom ng MOUD.
- Hindi malululong ang iyong sanggol sa MOUD mula sa pagpapadede.
- Ang mga sanggol na pinaiinom ng gatas sa dibdib/pinasususo ay mas posibleng hindi mangailangan ng mga gamot para sa withdrawal pagkapanganak sa kanila.
- Kung umiinom ka ng methadone, kapag huminto kang magpadede, mabuti kung ihihinto mo ang pagpapainom ng gatas sa dibdib/pagpapasuso nang dahan-dahan. Sa napakabihirang pagkakataon, puwedeng magkaroon ng mga sintomas ng withdrawal ang mga sanggol kung bigla kang hihintong magpadede.
- Kung umiinom ka ng buprenorphine, naltrexone, o buprenorphine-naloxone, hindi mo kailangang humintong magpadede nang dahan-dahan.

## Pagpapanatili sa iyo at sa sanggol mo na malusog at ligtas

- Uminom ng multivitamin na may iodine at kumain ng makukulay na prutas at gulay para maparami ang nutrisyon sa iyong gatas.
- Makipag-usap sa provider ng pangangalagang pangkalusugan ng sanggol mo kung mas madalas antukin kaysa sa karaniwan, nahihirapang kumain, o hindi makatae ang iyong sanggol.
- Iwasang matulog nang katabi ang iyong sanggol sa iisang kama. Ang pinakaligtas na ayos ng pagtulog ay nasa iisang kuwarto kayo ng sanggol mo habang nasa loob siya ng sarili niyang crib.
- Maingat na itabi ang MOUDs. Lalo na itong mahalaga kung may mga toddler o iba pang bata sa loob ng bahay.
    - **Kung sa palagay mo ay nakalunok ng MOUDs ang iyong sanggol**, tumawag sa Poison Control (Pagkontrol sa Lason) sa 800-222-1222.
    - **Tumawag sa 911** kung mabagal ang paghinga, hindi humihinga, mahirap gisingin, may balat o labing nangangasul, matamlay, masyadong antukin, o nagsusuka at/o nagtatae na ayaw huminto ang iyong sanggol.



## Paano kung sinabihan akong huwag magpadede dahil umiinom ako ng MOUD?

Ang isang provider ng pangangalagang pangkalusugan na magsasabing hindi mo dapat padedehin ang iyong sanggol dahil umiinom ka ng MOUD ay may maling kaalaman. Tanungin sa provider mo kung may iba pa bang dahilan kung bakit sa tingin niya ay hindi ka dapat magpainom ng gatas sa dibdib/magpasuso. Ikaw ang magpapasya kung paano padededehin ang iyong sanggol. Kung sa palagay mo ay hindi magalang ang pangangalaga sa iyo, puwede kang humiling ng ibang provider o maghain ng reklamo sa klinika o ospital.

Ang pagpapadede habang umiinom ng methadone o buprenorphine ay aprubado ng Kolehiyo ng mga Obstetrician at Gynecologist ng America, Akademiya ng Pediatrics ng America, Samahan ng mga Nars para sa Kalusugan ng Kababaihan, Obstetric, at Neonatal, Pandaigdigang Organisasyon para sa Kalusugan, at Akademiya ng Gamot para sa Pagpapasuso.

## *Kung umiinom ako ng MOUDs habang buntis, magkakaroon ba ang sanggol ko ng mga sintomas ng withdrawal pagkapanganak sa kanya?*

Kung umiinom ka ng methadone o buprenorphine habang buntis, posibleng may mga sintomas ng withdrawal ang iyong sanggol pagkapanganak sa kanya. Kakailanganin ding manatili ng sanggol mo sa ospital sa loob ng ilang dagdag na araw.



Kapag nanganak ka, ang pinakamabuting uri ng pangangalaga para sa iyo at sa sanggol mo ay tinatawag na "Pakainin, Patulugin, at Patahanin". Kasama sa pangangalagang ito ang sumusunod:

- Pananatili mo at ng iyong sanggol sa iisang kuwarto nang magkasama.
- Pagpapanatiling tahimik sa kuwarto nang may malamlam na ilaw.
- Pagbalot at pagkalong sa iyong sanggol.
- Pagpapadede sa sanggol mo o pagkalong sa kanya nang magkadikit ang inyong mga balat habang dumedede siya sa bote.

Hindi lahat ng ospital ay nag-aalok ng "Pakainin, Patulugin, at Patahanin". Para malaman kung nag-aalok ng "Pakainin, Patulugin, at Patahanin" ang ospital kung saan mo planong manganak, puwede mong:

- Tanungin sa iyong provider ng pangangalagang prenatal kung nag-aalok ng "Pakainin, Patulugin, at Patahanin" ang ospital kung saan mo planong manganak.
- Tawagan ang pangunahing numero ng telepono ng ospital at itanong sa operator ang tungkol sa kagawarang pang-maternity (na tinatawag minsan na 'postpartum', 'antepartum' o 'mother baby' na floor/unit). Alam dapat ng kahit sinong nagtatrabahong nars kung nag-aalok sila ng "Pakainin, Patulugin, at Patahanin".
- Kung kaya mo, piliing manganak sa ospital na nag-aalok ng "Pakainin, Patulugin, at Patahanin". Iyon ang pinakamabuting uri ng pangangalaga para sa iyo at sa sanggol mo.

---

*Iba-iba ang terminong ginagamit ng mga tao para ilarawan ang mga bahagi ng kanilang katawan. Ang ilang transgender at non-binary na nagpanganak na magulang ay gumagamit ng "dibdib" sa halip na "suso." Sa dokumentong ito, salitan naming ginagamit ang mga terminong pagpapasuso at pagpapainom ng gatas sa dibdib. Ang paggagatas ay isang biyolohikal na proseso kung saan gumagawa ang iyong katawan ng gatas para ipainom sa mga sanggol.*

Washington State Department of HEALTH

DOH 349-057 May 2023 Tagalog

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.